Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-14 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-3 NG OKTUBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Christopher Aron C. Del Rosario |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Rchie E. San Jose |
| | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY NAKADALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 44 - 2022

**"KAPISIYAHANG BAYAN NA NAGBIBIGAY PAGSANG-AYON SA PUNONG BAYAN IGG. VERGEL C. MENESES NA PUMASOK AT LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG SAN IGMEDIO BUILDERS INC; NA KINAKATAWAN NA SI G. MARIO C SANDIL PARA SA ISANG "SOLID WASTE TRIPPING AGREEMENT" PARA SA BAYAN NG BULAKAN, OKTUBRE 1, 2022 HANGGANG OKTUBRE 30, 2022"**

Nag-Isponsor: Lupon ng Rules and Ethics and Privileges,
Accreditation and Accountability, Legal Matters
Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, Ka-Tagapangulo: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Miyembro: Igg. Rchie E. San Jose, Igg. Aubrhie Cindyrelle D, Carpio, Igg. Marbin J. Garcia

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng batas ng Pamahalaang Lokal 1991, seksyon 444. (VI) ay binigyang kapangyarihan ang Sangguniang Bayan bigyang pahintulot (prior authority) ang Punong Bayan na katawanin ang Pamahalaang Bayan sa lahat ng mga transaksyon at lumagda sa kapakanan nito at lahat ng mga bono, kasunduan. Kontrata at pananagutan at iba pang mga kasulatang ginawa ng naayon sa batas o ordinansa at mga kapasiyahan;

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan Ng Punong Bayan ay nag sumite ng liham sa Sangguniang Bayan may petsa Setyembre 29, 2022 upang mapag-aralan at mabigyang pahintulot ang Punong Bayan na pumasok sa isang kasunduan ng "*Solid Waste Tripping Agreement*" sa pagitan ng "*San Igmedio Builders Inc*. na kakatawanin ni G. Mario C. Sandil para sa bayan ng Bulakan mula Oktubre 1 hanggang Oktubre 31, 2022 na unang binasa sa ika-14 na Pangkaraniwang Pagpupulong na ginanap noong ika-3 ng Oktubre, 2022;

**SAPAGKAT,** may dagliang pangangailangan sa nasabing serbisyo at hanggang sa kasalukuyan ay isinasa-ayos ang mga dokumento upang mag-sagawa ng "Bidding" at iba pang mga prosesong kinakailangan sa batas upang hindi maihinto ang serbisyo ng paghahakot ng basura sa Bayan ng Bulakan at para sa sanidad, kalinisan at kalusugan ng mamamayan ay binibigyang pahintulot ng Sangguniang Bayan ang Punong Bayan na pumasok at lumagda sa isang *"Solid Waste Tripping Agreement"* sa San Igmedio Builders Inc. at sa kumakatawan dito.

**SA MUNGKAHI** ni Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Kapisiyahang Bayan Na Nagbibigay Pagsang-Ayon Sa Punong Bayan Igg. Vergel C. Meneses Na Pumasok At Lumagda Sa Isang Kasunduan Sa Pagitan Ng San Igmedio Builders Inc; Na Kinakatawan Na Si G. Mario C Sandil Para Sa Isang "Solid Waste Tripping Agreement" Para Sa Bayan Ng Bulakan, Oktubre 1, 2022 Hanggang Oktubre 31, 2022"

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**Atty. ANA MARIE V. MAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
10-11-22